

Kailangan ng tulong?

Magtanong sa isang unyon, sentrong pambatas sa komunidad, o suportang serbisyo para sa migrante upang matulungan kang tingnan ang mga kondisyon ng visa mo.



Mga Magagamit na Link :

VEVO Portal:

online.immi.gov.au/vevo

Regional Postcode List:

immi.homeaffairs.gov.au/regional-postcodes

Impormasyon ng Home Affairs sa mga Kondisyon ng Visa:

homeaffairs.gov.au



**Queensland
Migrant WorkWise**

QLDMIGRANTWORKWISE.COM

(07) 3010 2555

This material was developed with funding from the Australian Government.



Ang mga **Tagapag-empleyo at Organisasyon** ay maaari ring tingnan ang mga kondisyon ng visa sa pamamagitan ng pagpaparehistro para sa VEVO via ImmiAccount

Pag-unawa sa mga Kondisyon ng Visa

Tagalog



**Queensland
Migrant WorkWise**

Ano ang **VEVO**?

Ang may mga hawak ng pansamantalang visa ay karaniwang humaharap sa mga masalimuot at mahigpit na kondisyon na makakaapekto sa kakayahan nilang magtrabaho, mag-aral at manatili sa Australia. Ang paglabag sa mga kondisyong ito, kahit hindi sinasadya, ay maaaring humantong sa pagkansela ng visa o mga isyu sa iyong visa sa hinaharap.

Ang **VEVO** (Visa Entitlement Verification Online)

ay isang libreng serbisyo mula sa Department of Home Affairs.

Ito ay tumutulong sa iyo na tingnan ang katayuan ng iyong visa at mga kondisyon, kasama ang iyong karapatan para magtrabaho, anumang oras, saan man.

Bakit gagamit ng **VEVO**?



Alamin ang iyong mga karapatan sa trabaho



Iwasan ang mga paglabag sa visa



Ibahagi ang katayuan ng iyong visa sa mga mapagkakatiwalaang organisasyon

Kailangan mo ng:

- Mga detalye mula sa iyong **passport, ImmiCard**, o dokumento ng paglalakbay
- Isa sa mga tagatukoy na ito mula sa iyong visa grant:

1

Numero ng Visa Grant

2

ID ng Kliyente

3

Reference Number ng Transaksyon

Student Visa (Subclass 500)

Mga Kondisyon:
8105, 8202, 8533

Mga Pangunahing Limitasyon

- Maksimum na 48 oras bawat dalawang linggo ang pagtatrabaho habang nag-aaral (maliban kung ikaw ay isang mag-aaral ng Master's o Doktoral)
- Dapat panatilihin ang full-time na pag-aaral
- Dapat ipagbigay-alam sa tagapagbigay ng edukasyon ang mga pagbabago sa tirahan sa loob ng 7 araw

Pamilya ng Student Visa Holder

Mga Kondisyon:
8104

Mga Pangunahing Limitasyon

- Hindi maaaring magtrabaho bago magsimula ang estudyante sa kurso
- Maksimum na 48 oras bawat dalawang linggo (maliban kung ikaw ay isang mag-aaral ng Master's/Doktoral)

Manggagawa sa PALM Scheme

Mga Kondisyon:
8611

Mga Pangunahing Limitasyon

- Maaari lang magtrabaho para sa isponsor ng PALM o inindorsong sponsor
- Hindi maaaring magtrabaho para sa kanilang sarili

Walang Trabaho na Kondisyon

Mga Kondisyon:
8101

Ang Kondisyon 8101 ay isang mahigpit na panuntunang 'walang trabaho' na pumipigil sa mga may hawak ng visa sa ilang partikular na visa na gawin ang anumang aktibidad na karaniwang may bayad na trabaho, kahit na hindi binabayaran. I-access ang VEVO upang makita kung naaangkop ito sa iyo.

Skills in Demand Visa (Subclass 482)

Mga Kondisyon:
8107

Mga Pangunahing Limitasyon

- Hindi maaaring huminto para sa isponsor, magbago ng trabaho o magtrabaho para sa sarili nang higit sa:
180 na magkakasunod na mga araw
365 na kabuuang mga araw

Working Holiday Maker (Subclass 417 & 462)

Mga Kondisyon:
8547, 8548

Mga Pangunahing Limitasyon

- Pinakamataas na 6 buwan sa isang amo

Skilled Regional Visa (Subclass 491)

Mga Kondisyon:
8539, 8578, 8579

Mga Pangunahing Limitasyon

- Dapat tumira/magtrabaho/mag-aral sa itinalagang mga rehiyonal na lugar
- Dapat ipagbigay-alam sa Home Affairs ang mga pagbabago sa kontak/ detalye ng pinagtatrabahuhan sa loob ng 14 araw

Visitor Visa (Subclass 600)

Mga Kondisyon:
8503, 8531, 8609

Mga Pangunahing Limitasyon

- Walang ibang visa pagkatapos ng pagpasok sa Australia (8503)